

Aplikasyon sa U.S. Health Resources & Services Administration



Maternal & Child Health Block Grant

Executive Summary
Aplikasyon sa 2023 at Ulat noong 2021

HULYO 2022



Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

Numero ng Publikasyon

DOH 141-062 July 2022 - Tagalog

Para sa higit pang impormasyon o mga karagdagang kopya ng ulat na ito:

Division of Prevention and Community Health (Sangay sa Pag-iwas sa Sakit at Kalusugan ng Komunidad)

Office of Family and Community Health Improvement (Tanggapan sa Pagpapabuti ng Kalusugan ng Pamilya at Komunidad)

PO Box 47855

Olympia, Washington 98004-7855

360-236-4501

800-525-0127 (fax)

MCHBPublicComment@doh.wa.gov

Umair Shah, MD, MPH
Kalihim ng Kalusugan

Executive Summary

Buod ng Programa

Nakikipagtulungan ang Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) sa iba pa upang maprotektahan at mapabuti ang kalusugan ng lahat ng tao sa estado ng Washington. Ito ang pahayag ng aming misyon. Ang aming bisyon ay pagkakapantay-pantay at pinakamainam na kalusugan para sa lahat. Nakakatulong ang aming mga programa at serbisyo para makaiwas sa sakit at pinsala, makapagsulong ng maiinam na lugar na matitirhan at mapagtatrabahuhan, makapagbigay ng impormasyong nakakatulong para makapili ng tama ang mga tao, at matiyak na handa ang ating estado para sa mga emergency. Nakikipagtulungan kami sa maraming kaakibat araw-araw upang maisakatuparan ang gawaing ito. Nagsisikap din kaming isentro ang pamunuan at boses ng komunidad sa lahat ng aming ginagawa.

Ang programang Title V Maternal and Child Health (MCH, Kalusugan ng Ina at Bata) ay bahagi ng Office of Family and Community Health Improvement (Tanggapan sa Pagpapabuti ng Kalusugan ng Pamilya at Komunidad) sa sangay sa Prevention and Community Health (Pag-iwas sa Sakit at Kalusugan ng Komunidad) ng Department of Health (DOH).

Ang Title V Maternal and Child Health Block Grant (MCHBG, Perang Gawad ng Pambansang Gobyerno sa Maliit na Gobyerno para sa Kalusugan ng Ina at Bata) ay nagbibigay sa estado ng mahalagang suportang pinansiyal at teknikal. Nakakatulong ito sa mga programang nagpapabuti sa kapakanan ng mga magulang, sanggol, bata, at kabataan, kasama na ang Children and Youth with Special Health Care Needs (CYSHCN, mga bata at kabataang may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan), at ang kanilang mga pamilya. Sa tulong din ng MCHBG, nadaragdagan ang mga kakayahan ng pang-estado at lokal na pampublikong kalusugan para magbigay ng mga pangunahing serbisyo ng pampublikong kalusugan, na mga kahusayan at programang *mahalaga sa mga komunidad sa lahat ng lugar upang gumana ang sistema ng kalusugan kahit saan*. Dahil nakatuon ang programa ng grant sa pagtulon sa mga taong may mababang kita o may limitadong access sa mga serbisyong pangkalusugan, nasusuportahan nito ang ginagawang pagtugon ng estado sa mga isyu tungkol sa pagkakapantay-pantay sa larangan ng kalusugan.

Nakatuon ang aming Title V sa mga isyu tungkol sa pagkakapantay-pantay, pagtugon sa mga pangangailangan ng mga populasyong hindi gaanong napagsisilbihan, at kung saan may pangangailangan. Dahil dito, nakasentro ang aming gawain sa pagkakaroon ng higit na pagkakapantay-pantay sa larangan ng kalusugan sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga solusyong isinulong ng komunidad at paggawa ng akmaang pagpapabuti sa sistema kaugnay ng mga pagkakaiba-iba. Nagsisikap kaming pagbutihin ang kalagayan ng panganganak ng mga taong Black o African American at American Indian/Katutubo ng Alaska. Tinutukoy rin namin ang mga kakulangan kung saan mas marami ang demand para sa mga serbisyo kaysa sa supply, gaya ng mga serbisyong perinatal at genetic sa mga liblib na lugar, at nakikipagkasundo kami sa mga provider upang mas mahusay na mapagsilbihan ang mga rehiyong iyon.

Ang lahat ng aming ginagawa sa MCHBG ay kaugnay ng mga pangunahing priyoridad ng estado. Nagsagawa ang Washington ng pagtatasa sa mga pangangailangan sa pagitan ng fall 2018 at spring 2020 upang matukoy ang mga uunahing pangangailangan para sa mga serbisyo sa kalusugan ng ina at bata, at mapahusay ang mga layunin at estratehiya para sa mga gawain sa MCHBG sa loob ng limang taon.

Tumukoy kami ng **apat na pangunahing prinsipyo** bilang batayan ng aming gawain:

- Ang lahat ng tao ay karapat-dapat makatanggap ng pagkakataong magtagumpay at makamit ang pinakamainam na antas ng kanilang kalusugan at kapakanan. Ang pagpapabuti sa mga sistemang nagsisilbi sa mga pamilya at bata upang maging mas patas ay isa sa mga pangunahing tungkulin ng mga practitioner sa pampublikong kalusugan. Isinasakatuparan namin ang tungkuling ito sa aming ginagawa para sa kalusugan ng ina at bata. Naninindigan kami laban sa rasismo sa aming mga programa at patakaran.

WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF HEALTH

Ehekutibong Buod ng Perang Gawad ng Pambansang Gobyerno sa Maliit na Gobyerno para sa Kalusugan ng Ina at Bata

- Pinahahalagahan namin ang mga kasanayang batay sa ebidensiya at itinaguyod ng komunidad na may hatid na pag-asa. Sa pamamagitan ng mga kasanayang ito, matitiyak na napagsisilbihan ng ating mga sistemang pangkalusugan ang lahat, lalo na ang mga taong minamaliit sa umiiral na lipunan. Kumikilos kami sa paraang mapagkumbaba at angkop sa lahat ng kultura.
- Nagsisikap kaming tiyaking ang lahat ng aming programa at serbisyo ay gagamit ng mga pamamaraang nakakaunawa sa trauma.
- Kailangan naming patuloy na tasahin ang mga epekto ng COVID-19 sa lahat ng programa at isaayos ang mga ito kung kailangan. Kailangan namin itong isagawa nang partikular na nakatuon sa aming mga pinahahalagahan at layuning nauugnay sa pagkakapantay-pantay ng lahi at etnisidad.

Ang **mga pangunahing pangangailangang uunahin** na natukoy namin sa pagtatasa at kung saan namin itinuon ang aming gawain ay:

- Dagdagan ang kapasidad ng lakas-paggawa ng lokal na pampublikong kalusugan upang mahusay na matukoy, makapagplano para sa, at matugunan ang mga pangangailangan ng mga babae at bata sa buong estado.
- Pahusayin at panatilihin ang mga sistemang pangkalusugan upang madagdagan ang nasa oras na pag-access sa pangangalaga para sa pag-iwas sa sakit, maagang screening, referral, at paggamot para mapabuti ang kalusugan ng mga tao sa kabuuan ng kanilang buhay.
- Tukuyin at bawasan ang mga hadlang sa dekalidad na pangangalagang pangkalusugan.
- Pagbutihin ang kaligtasan, kalusugan, at kakayahang sumuporta ng mga komunidad.
- Isulong ang pagkakaroon ng mabuting kalagayan ng pag-iisip at pagiging matatag sa pamamagitan ng pagdaragdag ng access sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali at iba pang pansuportang serbisyo.
- Gawing pinakamainam ang kalusugan at kapakanan ng mga babaeng adolescent at nasa hustong gulang, gamit ang mga pangkalahatang pamamaraang nagbibigay ng kakayahang itaguyod ang sarili at makisali sa mga sistemang pangkalusugan.
- Pagbutihin ang kalagayan ng kalusugan ng sanggol at sa perinatal, at bawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay na nagreresulta sa pagkakasakit at pagkamatay ng sanggol.
- Gawing pinakamainam ang kalusugan at kapakanan ng mga bata at kabataan, gamit ang mga pangkalahatang pamamaraan.
- Tukuyin at bawasan ang mga hadlang sa mga kailangang serbisyo at suporta para sa mga bata at kabataang may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at sa kanilang mga pamilya.
- Tukuyin at tugunan ang mga lumilitaw na pangangailangang dapat unahin na nauugnay sa mga emergency sa pampublikong kalusugan at sa mga epekto nito sa mga populasyon ng ina at bata.

Ang mga pangangailangang ito na uunahin ng estado ay nagsilbing gabay para sa aming pagpapasya kung anong mga sukatan ng performance ng bansa ang pagtutuunan, na:

- Pagpapatingin sa kalusugan ng babae
- Pagpapasuso
- Screening para sa paglinang
- Pagpapatingin sa kalusugan ng adolescent
- Medical home
- Sapat na insurance

Sinusubaybayan din namin ang progreso sa mga sumusunod na sukatan ng performance ng estado:

- Bawasan ang porsiyento ng mga buntis na indibiduwal na gumagamit ng ilegal na droga sa panahon ng kanilang pagbubuntis
- Dagdagan ang porsiyento ng mga buntis na indibiduwal na sinusuri para sa depresyon ng kanilang mga provider sa panahon ng pagbubuntis
- Dagdagan ang bilang ng sanggol na may kahit isang entry sa sistema ng panlahatang screening para sa paglinang sa estado ng Washington
- Dagdagan ang porsiyento ng mga batang nakakatanggap ng pangangalaga para sa kalusugan ng pag-iisip kapag kailangan nila ito
- Dagdagan ang porsiyento ng mga mag-aaral sa ika-6 na grado na nag-uulat na may nakakausap silang taong nasa hustong gulang kapag malungkot sila o nawawalan ng pag-asa

WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF HEALTH

Ehekutibong Buod ng Perang Gawad ng Pambansang Gobyerno sa Maliit na Gobyerno para sa Kalusugan ng Ina at Bata

- Dagdagan ang porsiyento ng mga bata simula sa kindergarten na nagpapakita ng mga katangiang panlipunan at emosyonal para sa mga batang nasa ganoong edad
- Bawasan ang porsiyento ng mga mag-aaral sa ika-10 grado na nag-uulat na uminom sila ng alak sa nakaraang 30 araw
- Dagdagan ang porsiyento ng mga mag-aaral sa ika-10 grado na nag-uulat na may nakakausap silang taong nasa hustong gulang kapag malungkot sila o nawawalan ng pag-asa
- Dagdagan ang porsiyento ng mga adolescent na nag-uulat na mayroon silang kahit isang tagagabay na nasa hustong gulang
- Bawasan ang porsiyento ng mga mag-aaral sa ika-10 grado na may mga espesyal na pangangailangan, na nag-uulat na naiisip nilang magpatiwakal.
- Bawasan ang porsiyento ng mga taong nasa hustong gulang na hindi nakakuha ng pangangalagang pangkalusugan dahil sa gastusin
- Simulan ang susunod na pagtatasa sa mga pangangailangan sa kalusugan ng ina at bata sa loob ng limang taon, bilang tuloy-tuloy na proseso ng pagpapalano na magsisimula ulit ngayong taon
- Suportahan ang pagsisikap sa pagkampanya ng pagbabakuna sa COVID-19

Narito ang ilang halimbawa kung paano namin ginagamit ang pondo ng MCHBG at kung paano nakakaapekto ang programang ito sa mga komunidad:

- Ipinapasa namin ang karamihan ng pondo ng MCHBG sa 35 lokal na hurisdiksyon sa kalusugan at sa 1 lokal na distrito ng ospital. Ginagawa namin ito upang mapabuti ang mga sistema ng pampublikong kalusugan at makapagbigay ng mga serbisyo ng MCH sa buong estado. Isa sa mga kinakailangan para sa block grant ang paggamit ng hindi bababa sa 30 porsiyento ng pondo sa mga serbisyo ng pangangalaga para sa pag-iwas sa sakit, pangunahing pangangalaga, at pansuporta sa pamilya para sa CYSHCN. Dahil dito, hinihiling namin sa bawat lokal na hurisdiksyon sa kalusugan na isama ang gawaing ito sa kanilang taunang plano ng pagkilos. Maaaring gamitin ng mga lokal na hurisdiksyon sa kalusugan ang natitira nilang pondo sa iba-ibang opsiyong sumusuporta sa mga prioridad ng estado na kasama sa aming aplikasyon para sa grant, at para sa mga pangunahing serbisyo sa kalusugan ng ina at bata.
- Nananatiling kaugnayan at suportado ng DOH ang mga programa ng MCH ng mga lokal na hurisdiksyon sa kalusugan sa iba't ibang paraan, kasama na ang pagkakaroon ng dalawang kawaning tagapayo na pangunahing nakatuon sa pakikipagtulungan sa lokal na hurisdiksyon sa kalusugan. Nagsisilbi sila bilang tagapag-ugnay sa mga espesyalista sa larangan ng DOH, at nagpapadala sila ng email na may impormasyon at dulugang may kinalaman sa gawain sa MCH nang dalawang beses sa isang linggo. Nangangasiwa rin sila ng mga pangkumperensiyang tawag at pulong tungkol sa mga paksa ng MCH, at mga kinakailangan sa pag-uulat. Nauunawaan ng mga tagapayong ito mula sa komunidad ang mga serbisyo at kakulangan ng MCH sa buong estado, na tumutulong na mapahusay ang aming pag-unawa sa mga lokal na pangangailangan.
- Kinailangang baguhin ng mga lokal na hurisdiksyon sa kalusugan kung paano nila pinagsisilbihan ang CYSHCN dahil ang kabuuang pondo ng programa para sa nursing sa pampublikong kalusugan ay hindi nakasunod sa tumataas na gastusin sa kalakalan. Sa nakaraan, isinentro sa nursing case management (pamamahala ng kaso sa nursing) ng karamihan ng lokal na hurisdiksyon ang kanilang gawain para sa CYSHCN. Ilan lang ang nakakapagbigay ng magandang suweldo upang makapag-hire o makapagpalit ng mga propesyonal sa nursing. Upang makapagpanatili ng mga pangmatagalang programa at serbisyo, kailangan nilang makipagtulungan sa mga paaralan, organisasyon sa komunidad, organisasyong batay sa pananampalataya, at iba pa. Ang ikinabuti ng pagbabagong ito sa saklaw ay maraming lokal na hurisdiksyon sa kalusugan ang interesadong mamuhunan sa patakaran at solusyon sa mga sistema upang matugunan ang mga pangangailangan ng CYSHCN. Makikipag-usap ang DOH sa mga lokal na hurisdiksyon sa kalusugan sa susunod na taon upang siyasatin ang aming modelo at mga kinakailangan sa pamamahagi ng pondo ng MCHBG. Susuriin namin ang aming kasalukuyang pangangailangan na magkaroon ng gawaing nagsisilbi sa CYSHCN ang lahat ng lokal na hurisdiksyon sa kalusugan, at tutukoy kami ng mga paraan upang magamit ang mga kakayahan at mas mahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng buong estado. Pinlano namin ang aksiyong ito para sa 2020 ngunit naantala ito dahil sa mga agarang prioridad para sa COVID-19.

WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF HEALTH

Ehekutibong Buod ng Perang Gawad ng Pambansang Gobyerno sa Maliit na Gobyerno para sa Kalusugan ng Ina at Bata

- Nagbibigay ang DOH ng teknikal na tulong sa mga provider sa pamamagitan ng mga pulong sa Network ng Komunikasyon ng CYSHCN at iba pang pagsasanay. Nakikipagkontrata ang MCHBG sa Medical Homes Partnership Project and Nutrition Network (Proyekto ng Pakikipagtulungan at Network ng Nutrisyon ng mga Medical Home) ng Center for Human Development and Disability (Sentro para sa Paglinang at Kapansanan ng Tao) ng University of Washington. Nagbibigay ang MCHBG ng suporta para sa pagsali at pamumuno ng pamilya sa pamamagitan ng Washington State Leadership Initiative (WSLI, Inisyatiba sa Pamumuno ng Estado ng Washington), at nakikipagkontrata ito sa mga organisasyong pinangungunahan ng at nagsisilbi sa mga pamilya. Nakikipagtulungan ang MCHBG sa iba pang ahensiya at provider ng estado para sa pagpapahusay ng mga sistema sa buong estado upang mapabuti ang sistema ng pangangalaga at pangangasiwa para sa CYSHCN. Kasama na rito ang paggamit ng pondo ng estado upang suportahan ang isang network ng mga sentro para sa neurodevelopmental at lupon ng pagsusuri para sa maxillofacial. Sinusuportahan din ng MCHBG ang pagtuturo at pakikipag-ugnayan sa mga serbisyo ng Medicaid para sa CYSHCN sa pamamagitan ng isang kasunduan sa pagitan ng mga ahensiya kasama ng aming pang-estadong ahensiya ng Medicaid, ang HCA.
- Nagsisikap ang Washington na maiwasan ang pagkamatay sa panganganak sa tulong ng pinagsamang pondo mula sa estado at pederal na gobyerno. Bumubuo ang estado ng pang-estadong Maternal Mortality Review Panel (Panel para sa Pagsusuri ng Pagkamatay sa Panganganak) upang suriin ang lahat ng kaso ng pagkamatay sa panganganak. Inaalam ng panel na ito ang mga may kinalamang salik at gumagawa ito ng mga rekomendasyon para maiwasan ang pagkamatay. Ayon sa kanilang resulta, may kinalaman sa mga pagkamatay na ito ang ilang hindi pagkakapantay-pantay kaugnay ng lahi at kalagayang panlipunan at pang-ekonomiya. Ginagamit namin ang impormasyong ito upang impluwensiyahan ang aming gawain at prioridad sa hinaharap.
- Ang aming unit sa kalusugang perinatal ay nakikipagtulungan sa maraming kaakibat upang tugunan ang mga isyu kaugnay ng paggamit ng opioid, lalo na dahil nakakaapekto ito sa mga buntis na indibiduwal at bagong silang na sanggol. Ang aming ginagawa para sa [Washington State Opioid and Overdose Response Plan \(Plano sa Pagtugon sa Opioid at Overdose ng Estado ng Washington\)](#) (nasa wikang Ingles) ng estado at mga kaugnay na dulugan, at sa batas na Promoting Healthy Outcomes for Pregnant Women and Infants (Pagsusulong ng Maiinam na Resulta para sa mga Babaeng Buntis at Sanggol) ([Substitute Senate Bill \(Kapalit na Panukalang-batas ng Senado\) 5835](#) nasa wikang Ingles) ay may kasamang mga estratehiya sa paglinang upang maiwasan ang neonatal abstinence syndrome at iba pang epekto ng maling paggamit ng opioid at pag-standardize ng pangangalaga para sa mga sanggol na ipinanganak nang may sintomas ng withdrawal. Gumawa rin ang workgroup na ito ng patnubay sa COVID-19 para sa mga babaeng buntis at kakatapos lang manganak, at mga sanggol.
- Ang pagsulong sa kahalagahan at availability ng screening para sa paglinang, nang may maagang follow-up at referral para sa mga serbisyo ng interbensiyon kapag kailangan ay mahalagang bahagi ng aming ginagawa upang mapabuti ang kalusugan ng bata. Nagsisikap kaming bawasan ang mga hadlang sa pagpapatingin sa kalusugan ng bata, pataasin at subaybayan ang antas ng screening para sa paglinang, dagdagan ang koneksiyon sa mga serbisyo, at pagbutihin ang mga kasanayan sa pagsingil ng provider. Matapos makatanggap ng pondo sa pamamagitan ng Lehislatura, nagsisikap kaming gumawa ng bagong sistema ng panlahatang screening para sa paglinang. Maa-access ang sistemang ito ng mga provider at magulang, upang subaybayan ang antas ng screening at tumulong na tiyaking makatanggap ang lahat ng bata sa estado ng screening para sa pagkaantala ng paglinang.
- Upang maisulong ang kalusugan ng adolescent, nakikipagtulungan ang DOH sa School-Based Health Centers (SBHCs, mga sentrong pangkalusugan sa paaralan). Ang kabataan, lalo na ang mga kabilang sa populasyong may naiibang kalagayan ng kalusugan at sa lipunan, ay maaaring mahirapang i-access ang sistema ng medikal na pangangalaga dahil sa maraming salik. Maaaring kasama sa mga salik ang kawalan ng transportasyon, hindi pakikisalamuha sa lipunan, kumplikadong sitwasyon sa buhay, o di-halatang hindi patas na pagturing dahil sa lahi. Maaaring mas maginhawa

WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF HEALTH

Ehekutibong Buod ng Perang Gawad ng Pambansang Gobyerno sa Maliit na Gobyerno para sa Kalusugan ng Ina at Bata

para sa kabataang ito na mag-access ng pangangalagang pangkalusugan sa paaralan, kung saan sila pumapasok at posibleng mas kumportable. May matibay na ebidensiya na ang access sa isang SBHC at mga regular na pagpapatingin sa kalusugan ng adolescent ay nakakabawas sa pagliban sa paaralan, antas ng pag-dropout, malubhang pagkakasakit, paggamit ng droga, antas ng impeksiyong naipapasa sa pamamagitan ng pagtatalik, at antas ng pagbubuntis. Habang pinaparami ang bilang ng nagsisipagtapos sa pag-aaral at pinapabuti ang pangangasiwa ng diabetes, hika, at sakit sa pag-iisip.

- Ang mga sentrong pangkalusugan sa paaralan ay nakakaranas ng maraming hadlang sa pagtanggap ng sapat na reimbursement para sa mga ibinigay na serbisyo, na nakakaapekto sa kanilang sustainability. Nagkaroon ng mga karagdagang hamon ang mga SBHC dahil sa remote na paraan ng pagtuturo sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Nakikipagtulungan kami sa mga SBHC, sa Awtoridad sa Pangangalagang Pangkalusugan, at sa iba pa upang matugunan ang mga isyu sa pagsingil at reimbursement. Maraming adolescent at nakakabatang nasa hustong gulang ang kuwalipikado para sa Medicaid ngunit hindi pa naka-enroll. Bumubuo kami ng mga estratehiya upang maparami ang naka-enroll para madagdagan ang bilang ng kabataang nakakatanggap ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan.

Salamat sa pagsasabatas noong 2021 sa [Substitute House Bill \(Kapalit na Panukalang-batas ng Senado\) 1225: Concerning School Based Health Centers \(Patungkol sa mga Sentrong Pangkalusugan sa Paaralan\)](#), may sinisimulan na kaming nakakapanabik na bagong gawain (nasa wikang Ingles). Ang batas na ito ay nag-aatas sa DOH na magtaguyod ng tanggapan para sa programa ng SBHC upang mapalawak at mapatagal ang availability ng mga serbisyo sa mga mag-aaral nang nakatuon sa mga populasyong hindi gaanong napagsisilbihan batay sa kasaysayan. Isa pa itong halimbawa kung paano namin ginagamit ang pondong maraming pinagmumulan upang tugunan ang mga uunahing pangangailangan.

Isinaayos namin ang aming mga priyoridad at gawain upang matugunan ang pandemya ng COVID-19. Tumulong kaming magbigay ng mga supply at iba pang tulong sa mga taong kailangang bumukod o mag-quarantine. Tumulong kaming magkaroon ng bakuna sa buong estado. Sinuportahan din namin ang pagkolekta at pagsusuri ng datos upang mas mahusay na maunawaan ang mga epekto ng virus at kung paano mapoprotektahan ang mga tao.

Iba't ibang pinagmumulan ng pondo ng estado at pederal na gobyerno ang sumusuporta sa aming pangkalahatang programa ng MCH. Gumagamit kami ng pondo ng MCHBG upang bayaran ang bahagi ng suweldo ng mga tagapamahala ng programa na nagpapalano at nagsusubaybay sa pagpapabuti sa mga sistema ng pampublikong kalusugan batay sa estratehiya. Nagsisikap sila para tiyaking natatanggap ng mga babae at bata ang mga benepisyong pangkalusugan na karapat-dapat nilang matanggap, kasama na ang mga serbisyong pangkalusugan para makaiwas sa sakit at screening. Isinusulong din nila ang kahalagahan ng pinangangasiwang pangangalaga sa loob ng isang medical home, at tinutugunan ang mga isyu tungkol sa pagiging sapat ng saklaw ng insurance.

Ang aming pamumuhunan para makaiwas sa pagkakasakit at maisulong ang kapakanan ng ina sa panahon ng panganganak, bata, at adolescent ay tumutulong din na tuparin ang bisyon ng Governor's Office of Equity (Tanggapan sa Pagkakapantay-pantay ng Gobernador) na "Ang lahat ng nasa Washington ay may ganap na access sa mga pagkakataon, kakayahan, at mapagkukunang kailangan nila upang magtagumpay at makamit ang kanilang buong potensiyal, at may pagkakapantay-pantay at katarungan para sa lahat, sa loob ng susunod na pitong henerasyon at higit pa."



WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF HEALTH

Ehekutibong Buod ng Perang Gawad ng Pambansang Gobyerno sa Maliit na Gobyerno para sa Kalusugan ng Ina at Bata